# WALANG HUMPAY NA PAG-IBIG

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis. Techie M. Rodriguez
Hunyo 15, 2024

Iniisip ng ibang tao na ang pinakamahalagang tanong sa buhay ay – "ano ba talaga ang katauhan ng Diyos?" Ang Diyos ay mapagmahal na ama. Ang Kanyang walang humpay na pag-ibig ay napakalalim, at hinding-hindi Siya aasa ng kahit anumang kapalit maski Siya'y masaktan pa. Ang "walang humpay" ay "walang kapaguran o walang hinawa." Mapagmahal ang Diyos dahil ginamit Niya ang Kanyang Anak bilang instrumento sa pagligtas sa mga naligaw ng landas at para ipakita ang Kanyang walang humpay na pag-ibig sa atin.



1. **Nagbanggit si Hesus ng maraming parabula para ilarawan ang walang humpay na pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan.**
   - **1.1. Ang Nawalang Tupa.** "Kung ang sinuman sa inyo ay may isangdaang tupa, at nawala ang isa, iiwanan ang siyam na pu't siyam at hahanapin ang nawawala hanggang sa matagpuan" (Lk.15:4).
   - **1.2. Ang Nawalang Salaping Pilak.** "O kaya, ang isang babae ay may 10 salaping pilak at nawala ang isa, sisindihan niya ang ilaw, wawalisan ang bahay at hahanaping mabuti hanggang matagpuan ito" Lk.15:8).
   - **1.3. Ang Alibughang Anak.** Isang tao ang may dalawang anak na lalaki. Hiningi na ng mas batang anak ang kanyang mamanahin. Nilustay niya ang kanyang kayamanan at nagkaroon ng matinding taggutom sa lupaing pinuntahan. Nagpasya siyang bumalik sa kanyang ama at humingi ng tawad. Sa sobrang tuwa ng kanyang ama, nagkaroon ng piging (Lk.15-11-22).

2. **Mga Katangian ng Isang Ama:**
   - **2.1.** Alam ng ama ang karapatan ng anak na piliin ang kanyang landas. Hindi niya hahatulan ang kanyang anak. Ibabalik niya ang lahat-lahat.
   - **2.2.** Ang kanyang pag-ibig ay labis magbigay, may magandang loob at matiyaga.
   - **2.3.** Ang isang ama ay pari sa pamilya. Siya'y taga-pamagitan. Punong-puno siya ng habag at awa.

3. **Inilarawan ni Hesus ang puso ng Diyos:**
   - **3.1. Pusong nagdurusa.** Tuwing nagdurusa tayo, nagdurusa rin ang Diyos.
     - Binigyan ng Diyos ng karapatan sina Adan at Eba, ngunit sinuway nila ang Kanyang utos; bilang resulta, minana nila ang kasalanang pagsuway.
     - Determinadong hanapin ng babae ang nawalang salaping pilak. Nabihag ng kanyang paghihirap ang nagdurugong puso ng Diyos.
   - **3.2. Pusong naghahanap.** Ibinigay ng Diyos ang Anak para hanapin ang mga makasalanan.
     - Naghanap ang babae hanggang makita ang salaping pilak.
     - Katulad din ni Sis Techie, inatasan din siya ng Diyos na ibalik sa Kanyang kawan ang mga taong naliligaw ng landas.
     - Tayo rin ay may tungkuling hanapin at tulungan ang mga taong naliligaw.
   - **3.3. Pusong nagdiriwang.** Ang kalangitan ay nagdiriwang sa isang makasalanang nagsisi.
     - Natagpuan ng babae ang salaping pilak. Inanyayahan niya ang mga kaibigan para magdiwang.
     - Tuwang-tuwa ang Diyos kung may isang tao tayong maliligtas.

**Konklusyon:** Ang walang humpay na pag-ibig ng Diyos ang nagbigay ng lahat-lahat sa atin. Pumayag Siyang ipako sa krus ang Anak para tayo'y maligtas. Tanggapin natin ang pag-ibig ng Diyos. Kumakatok Siya sa ating puso (Pah.3:20) Siya lamang ang makapupuno sa atin.

**Pagninilay:**

1. Binuksan mo na ba ang iyong puso kay Hesus? O sa pakiramdam mo ikaw ba ay nawawala at nagdurusa sa dilim?
2. Paano mo tatanggapin si Hesus sa iyong puso?

**SCRIBES Ministry:**
Isinalin ni: Sis. Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Pag-ibig